
Opisina ng Mayor tungkol sa may **Kapansanan** (Mayor's Office on **Disability**)



London N. Breed
Mayor

Nicole Bohn
Direktor

Alamin ang Inyong mga Karapatan sa Ilalim ng Americans with Disabilities Act!

Ano ang Americans with Disabilities Act (ADA)?

Ang ADA ay isang batas pang-karapatang sibil na nagtatanggol sa mga taong may iba't ibang uri ng kapansanan mula sa diskriminasyon sa lahat ng aspeto ng pamumuhay sa lipunan. Sa partikular, ang Titulo II ng ADA ay nag-aatas na lahat ng mga programang isinasagawa sa pamamagitan ng estado at lokal na pamahalaan gaya ng Lungsod at County ng San Francisco ay dapat madaling nagagamit at napakikinabangan ng mga taong may kapansanan.

Sino ang binibigyan ng proteksiyon ng ADA?

Binibigyan ng proteksiyon ng ADA ang mga indibiduwal na may samu't saring kapansanan.

Ano ang aking mga karapatan sa ilalim ng ADA?

Rekisito sa ilalim ng ADA at ng polisiya ng Lungsod na magkaroon ng pantay na pagkakataon para sa madaling pagkuha at paggamit ng mga taong may kapansanan sa lahat ng mga serbisyo, aktibidad, at benepisyo ng

Lungsod. Sa madaling salita, ang mga taong may kapansanan ay dapat mayroong pantay na pagkakataon upang makalahok sa mga programa at serbisyo ng Lungsod at County ng San Francisco. Ang mga halimbawa ng mga programang inaalok ng Lungsod ay ang CalWORKs, mga food stamp, libangan at liwasan/park, museo, serbisyo sa pangkalusugang kaisipan (mental health), paggagamot mula sa paggamit ng droga/pinagbabawal na gamot, subsidyo sa pabahay, pagmimintina ng mga kurbada at kalye at marami pang iba na mailalagay sa listahan. Ang pinakamahalagang karapatang ipinagkakaloob ng ADA ay: **Walang**

Pagpapaalis (No Exclusion) – Hindi

pinahihintulutan ng ADA ang tanggihan sinuman na makapasok o makasali sa mga programa, benepisyo, aktibidad o serbisyo ng Lungsod, sa simpleng dahilan ng kapansanan. **Akses Pang-**

komunikasyong (Communication Access) –

Inaatas ng ADA na ang mga ahensiya ng Lungsod ay makipagkomunikasyon sa mga taong may kapansanan sa paraang kasimbisa rin ng pagkokomunikasyon sa iba. Maaari itong mangailangan ng pagkakaloob ng mga sebisyo gaya ng: malalaking titik (large print) o Braille

(para sa mga taong may kapansanan sa paningin); mga ASL interpreter o captioning (para sa mga taong may kapansanan sa pandinig); mga taga-basa (para sa mga tao na may kapansanan sa pagkatuto, o iba pang kahinaan sa pag-unawa o paningin); komunikasyon sa

pamamagitan ng TTY o California Relay Service (pag-dial sa 7-1-1) para sa mga taong may kapansanan sa pananalita o pandinig. **Programa hinggil sa Pag-Akses (Programmatic Access)** – Rekisito din ng ADA na dapat baguhin ng mga ahensiya ng Lungsod ang kanilang mga patakaran, sistema at mga pamamaraan upang magkaroon ng pantay na oportunidad ang mga taong may kapansanan. Mga halimbawa nito ang:

- tulong sa pagsagot sa mga form;
- pagpapaliwanag ng mga materyales o mga instruksyon sa simpleng lengguwahe upang ang mga indibiduwal na may kahinaan sa pag-unawa, pagkatuto o ilang psychiatric na kapansanan ay madaling maintindihan ang mga ito;
- takdang petsa ng appointment upang ang tao ay hindi kailangang maghintay pa sa mahabang pila o sa matao at maingay na kuwarto;
- pagpapahintulot sa isang taong may psychiatric na kapansanan na mag-aplay para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono sa halip na magpunta pa sa opisina.

4. Pang-arkitekturang Kaayusan (Architectural Access) – Rekisito din ng ADA na ang mga lugar pang serbisyo, kabilang na ang mga banyo/palikuran, pampublikong telepono, drinking fountain, atbp. ay may pang-arkitekturang disenyo na madaling magamit ito ng mga may-kapansanan.

Pansinin: Labag din sa batas na gumanti, magbanta o makialam sa sinuman na gumagampan ng kanyang karapatan o sinumang tumutulong sa taong ito na gawin ito.

Ano ang maaari kong gawin kung nalabag ang aking mga karapatan sa ilalim ng ADA?

- Kontakin ang ADA Coordinator para sa kasangkot na Departamento
- Kontakin ang Opisina ng Meyor Tungkol sa mga may Kapansanan (Mayor's Office on Disability) kung kailangan ninyo ng higit pang tulong

Ang Opisina ng Mayor Tungkol sa mga may Kapansanan (Mayor's Office on Disability) ay tumutulong upang gawin ang San Francisco bilang isang lungsod na kung saan lahat ng tao ay nagtatamasa ng pantay na karapatan, pantay na oportunidad at kalibrehan mula sa illegal na diskriminasyon sa ilalim ng batas ukol sa karapatan ng mga may kapansanan.